




Mga Pangunahing Tampok sa Pagsubok na Iskemang Cash Allowance

A. Katangian

Inilunsad ng Pamahalaan ang tatlong-taong Pagsubok na Iskemang Cash Allowance (CATS) sa kalagitnaan ng 2021 upang maibsan ang kahirapan sa pangkabuhayan ng mga pamilyang madla na naghihintay sa pampublikong paupahang bahay (PRH) nang mahabang panahon. Ang CATS ay pinangangasiwaan ng Kagawarang Pabahay (HD).

B. Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat

Ang cash allowance ay ibibigay sa mga aplikanteng nakakatugon sa lahat ng mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat. Ang pangunahing mga pamantayan ay ang mga sumusunod –



- (a) Karaniwang Aplikante (GA) mga sambahayan (ibig sabihin mga aplikasyon na may dalawa o higit pang tao, pati na rin ang mga nasa ilalim ng Iskemang Prayoridad sa Mga Matatandang Nag-iisa [Single Elderly Persons Priority Scheme]) na nakakatugon sa pangkalahatang pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa paglalaan ng PRH



- (b) naghihintay para sa PRH ng mahigit sa tatlong taon, na nananatili ang kanilang pagiging karapat-dapat para sa paglalaan ng PRH; at hindi pa nabigyan ng unang alok sa PRH na flat



- (c) nakatira sa Hong Kong ngunit hindi nakatira sa pampublikong pabahay



- (d) hindi tumatanggap ng Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad

C. Mga Halaga ng Cash Allowance

Bilang ng Mga Karapat-dapat na Miyembro	Mga Halaga ng Buwanang Cash Allowance
1	\$1,300
2	\$2,250
3	\$2,700
4	\$3,050
5	\$3,350
6 o higit pa	\$3,900





D. Mga Pamamaraan ng Aplikasyon

- Ang HD ay maglalabas ng mga abisong liham sa katapusan ng bawat buwan sa mga sambahayang GA na lampas sa tatlong buwan nang naghihintay ng PRH sa susunod na buwan.
- Ang mga karapat-dapat na sambahayan na interesadong mag-aplay para sa cash allowance ay dapat magpasa ng nakumpletong form ng aplikasyon kabilang ang mga kinakailangang dokumento sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan –
 - ipadala ang form sa Cash Allowance Office, Housing Department, P.O. Box 209, Tsuen Wan Post Office sa koreo; o
 - ipasa ang form sa kahon ng drop-in ng Kagawarang Pabahay sa mga sumusunod na lugar –
 - (a) Cash Allowance Office, Housing Department, 5/F, 1 Kwai On Road, Kwai Chung, New Territories; o
 - (b) Hong Kong Housing Authority Customer Service Centre, 3 Wang Tau Hom South Road, Kowloon
- Ang mga matagumpay na sambahayan ay buwanang makakatanggap ng cash allowance sa pamamagitan ng deposito sa bangko.
- Ang buwan ng pagsisimula ng pagkalkula ng cash allowance ng bawat naaprubahang aplikasyon ay matutukoy sa petsa kung kailan natugunan ng sambahayang GA ang lahat ng pamantayan sa pagiging karapat-dapat, o ang petsa ng pagpasa ng nakumpletong mga form ng aplikasyon, alinman ang **mas nahuli**, kung saan ang ika-1 ng Hulyo 2021 ay ang pinakamaagang petsa ng pagsisimula sa pagkalkula ng cash allowance. Ang mga pagkuha bago ang petsang ito

E. Mahahalagang Paunawa

- Para sa mga tagatanggap ng cash allowance, kapag may anumang pagbabago sa kalagayan ng pamilya (hal. pagdaragdag/pag-aalis ng mga miyembro ng pamilya sa aplikasyon), dapat ipaalam kaagad sa HD. Mangyaring sumangguni sa websayt ng CATS para sa mga hakbang. Ang antas ng cash allowance ay maaaring baguhin nang naaayon.
- Isang kriminal na pagkakasala ang paggawa ng maling pahayag/deklarasyon, ang pagbibigay ng mga maling dokumento o ang sadyang pagtanggap ng isang impormasyon upang makuha ang cash allowance sa pamamagitan ng panlilinlang.
- Ang pagbibigay ng cash allowance ay magwawakas para sa lahat kapag natapos ang pagsubok na iskemang ito sa kalagitnaan ng 2024.

F. Suporta para sa Etniko Minorya

Kung kailangan mo ng suporta sa partikular na wika para sa mga hakbang ng aplikasyon sa CATS, maaari mong tawagan ang mga hotline sa interpretasyong pantelepono ng Sentro Para sa Etniko Minorya (CHEER):

- | | | | |
|--------------------|-----------|--------------|-----------|
| • Bahasa Indonesia | 3755 6811 | • Tagalog | 3755 6855 |
| • Nepali | 3755 6822 | • Thai | 3755 6866 |
| • Urdu | 3755 6833 | • Hindi | 3755 6877 |
| • Punjabi | 3755 6844 | • Vietnamese | 3755 6888 |



	Websayt: www.cashallowance.gov.hk	
	Email: enquiry@cashallowance.gov.hk	
	Hotline: 3105 3333	
	Address: Cash Allowance Office, Housing Department, 5/F, 1 Kwai On Road, Kwai Chung, New Territories	